Natagpuan ang Mga Lamok na Positibo sa West Nile Virus sa Mga Bahagi ng Palo Alto

Natuklasan ang mga lamok na nahawaan ng West Nile virus sa isang maliit na bahagi ng county. Upang mabawasan ang banta ng West Nile virus sa mga tao, isang paraan upang masugpo ang mga adult na lamok gamit ang kasangkapang nasa trak ang iniskedyul. Mangyaring tingnan sa ibaba ang mga detalye sa pagsugpo.

Pangkalahatang lugar: Palo Alto

Mga ZIP Code: 94301, 94303, at 94306

Petsa ng Pagsugpo: Lunes, Agosto 26

Oras: Mag-uumpisa ng bandang 10PM at magtatapos pagkalipas ng humigit-kumulang na 2 hanggang 4 na oras.

Mapa ng Pagsugpo:



Interaktibong Mapa: https://arcg.is/14vXDK

(Mangyaring tandaan *¿Kung gusto mong makita kung ang iyong tahanan ay nasa loob ng lugar ng pagsugpo, mangyaring i-click ang interaktibong mapa na nakaugnay sa itaas at ilagay ang iyong address sa search bar na nasa kanang itaas na bahagi.)*

Hindi na kinakailangang lumipat sa panahon ng pagsugpo sa adult na lamok, ngunit ang mga taong gustong mabawasan ang pagkakalantad ng mga miyembro ng pamilya o alagang hayop ay maaaring piliin na isara ang mga bintana at manatili sa loob sa kabuuan ng itinakdang panahon. Ang lahat ng pestisidyo ay aprubado ng Environmental Protection Agency para sa paggamit sa mga pampublikong lugar at malawakang ginagamit ng mga ahensiya ng vector control sa buong California.